

PAGPAPATALA NG KAPANAKANAN AT ANG TUNGKOL SA JAPANESE NATIONALITY

Kapag ang bata ay ipinanganak dito sa Pilipinas ng mga Pilipino at Hapon na magulang, maituturing lamang na isang Hapones ang kanilang anak matapos na maipagbigay-alam ng mga magulang sa kinaaukulang opisina: Embassy of Japan, Consulate-General of Japan sa Cebu o Davao o hindi kaya ay sa kinaaukulang munisipyo sa Japan.

Ang batang anak ng Pilipino at Hapon na ipinanganak sa Pilipinas ay awtomatikong magkakaroon ng Philippine Nationality. Ang naturang bata ay hindi magkakaroon ng "Japanese Nationality" hanggat hindi ipinagbibigay-alam ng magulang nito ang kapanganakan ng bata sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa araw ng kapanganakan. Kapag hindi ito naisagawa sa loob ng tatlong buwan, mawawala ang "Japanese nationality" ng bata. Maaaring maibalik ang "Japanese Nationality" habang ang bata ay wala pa sa edad na 18 taong gulang at naninirahan sa Japan. Para sa detalye kumonsulta sa Legal Bureau sa Japan.

Upang maipagbigay-alam sa kinaaukulang awtoridad ang kapanganakan ng isang bata, ihanda ang mga sumusunod na dokumento:

1. "Notification of Birth" form" *2 orihinal*
2. "Certified True Copy of Birth Certificate" ng bata mula sa local civil registrar *1 orihinal at 1 kopya*
3. **Dapat nakasalin sa wikang Hapon ang *Birth Certificate*** *1 orihinal at 1 kopya*
(Kailangang makita ang pangalan ng "translator" sa dokumento)

Dapat tandaan: Ang bata na ipinanganak sa mga magulang na Hapon at Pilipino ay dapat pumili ng nationalidad bago mag - ika- 20 taong gulang.

Embassy of Japan in the Philippines
April 2024